



L.A. Care
Medicare Plus[™]
(HMO D-SNP)

Buod ng mga Benepisyo 2026



Panimula

Ang dokumentong ito ay isang maikling buod ng mga benepisyo at serbisyo na sinasaklaw ng L.A. Care Medicare Plus. Kasama rito ang mga sagot sa mga madalas itanong, mahalagang impormasyon sa pakikipag-ugnayan, isang pangkalahatang-ideya ng mga benepisyo at serbisyo na inaalok, at impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan bilang isang miyembro ng L.A. Care Medicare Plus. Ang mahahalagang salita at mga kahulugan ng mga ito ay makikita nang nakaayos ayon sa alpabeto sa huling kabanata ng *Handbook ng Miyembro*.

Talaan ng Mga Nilalaman

A.	Mga Disclaimer	2
B.	Mga madalas itanong (Frequently Asked Questions, FAQ).....	9
C.	Listahan ng mga saklaw na serbisyo	13
D.	Mga benepisyong saklaw sa labas ng L.A. Care Medicare Plus.....	33
E.	Mga serbisyong hindi sinasaklaw ng L.A. Care Medicare Plus, Medicare, at Medi-Cal	34
F.	Inyong mga karapatan bilang miyembro ng plano	34
G.	Paano maghain ng reklamo o apela sa hindi ibinigay, naantala, o binagong serbisyo.....	37
H.	Ano ang dapat gawin kung naghihinala kang mayroong pandaraya	38



A. Mga Disclaimer



Isa itong buod ng mga serbisyong pangkalusugan na saklaw ng L.A. Care Medicare Plus para sa 2026. Isa lamang itong buod. Mangyaring basahin ang *Handbook ng Miyembro* para sa kumpletong listahan ng mga benepisyo. Magiging available ang Handbook ng Miyembro sa 2026 pagsapit ng Oktubre 15, 2025 sa aming website na medicare.lacare.org. Para makakuha ng libreng kopya sa pamamagitan ng mail, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-833-522-3767** (TTY: 711), 24 na oras isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.

- ❖ Ang L.A. Care Medicare Plus (HMO D-SNP) ay isang planong pangkalusugan na nakikipagkontrata sa Medicare at Medi-Cal para maipagkaloob sa mga nagpapatala ang mga benepisyo ng parehong programa. Nakadepende sa pag-renew ng kontrata ang pagpapatala sa L.A. Care Medicare Plus.
- ❖ Hindi ito kumpletong listahan. Ang impormasyon tungkol sa mga benepisyo ay isang maikling buod, at hindi kumpletong paglalarawan ng mga benepisyo. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa plano o basahin ang *Handbook ng Miyembro* ng L.A. Care Medicare Plus.
- ❖ Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa **Medicare**, maaari ninyong basahin ang handbook na *Medicare at Ikaw*. Naglalaman ito ng buod ng mga benepisyo ng Medicare, karapatan, at proteksyon at mga sagot sa mga pinakamadalas itanong tungkol sa Medicare. Makukuha mo ito sa website ng Medicare (**www.medicare.gov**) o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa **Medi-Cal**, maaari mong tingnan ang website ng Departamento ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California (DHCS) (**www.dhcs.ca.gov/**) o makipag-ugnayan sa tanggapan ng Ombudsman ng Medi-Cal 1-888-452-8609, Lunes hanggang Biyernes, sa pagitan ng 8:00 a.m. at 5:00 p.m. Maaari mo ring tawagan ang espesyal na Ombudsman para sa mg taong mayroong Medicare at Medi-Cal, sa 1-855-501-3077, Lunes hanggang Biyernes, sa pagitan ng 9:00 a.m. at 5:00 p.m.
- ❖ Abiso sa Pagiging Available ng Mga Serbisyo ng Tulong sa Wika at mga Karagdagang Tulong at Serbisyo

- **ATTENTION: If you need help in your language, call 1-833-522-3767 (TTY: 711).** Aids and services for people with disabilities, like documents in braille and large print, are also available. Call **1-833-522-3767 (TTY: 711)**. These services are free.

(Arabic) الشعار بالعربية

يُرجى الانتباه: إذا احتجت إلى المساعدة بلغتك، فاتصل بـ

تتوفر أيضًا المساعدات والخدمات للأشخاص ذوي الإعاقة، مثل **1-833-522-3767 (TTY: 711)**.
هذه الخدمات **(TTY: 711)** المستندات المكتوبة بطريقة بريـل والخط الكبير. اتصل بـ **1-833-522-3767** مجانية.



Kung mayroon kang mga tanong, tumawag sa L.A. Care Medicare Plus sa 1-833-522-3767 (TTY: 711), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Libre ang pagtawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa medicare.lacare.org.

Հայերեն պիտակ (Armenian)

- ՈՒՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ: Եթե Ձեզ օգնություն է հարկավոր Ձեր լեզվով, գանգահարեք **1-833-522-3767** (TTY: **711**): Կան նաև օժանդակ միջոցներ ու ծառայություններ հաշմանդամություն ունեցող անձանց համար, օրինակ՝ Բրայլի գրատիպով ու խոշորատառ տպագրված նյութեր: Զանգահարեք **1-833-522-3767** (TTY: **711**): Այդ ծառայություններն անվճար են:

简体中文标语 (Chinese)

- 请注意：如果您需要以您的母语提供帮助，请致电 **1-833-522-3767** (TTY: **711**)。另外还提供针对残疾人士的帮助和服务，例如盲文和需要较大字体阅读，也是方便取用的。请致电 **1-833-522-3767** (TTY: **711**)。这些服务都是免费的。

ਪੰਜਾਬੀ ਟੈਗਲਾਈਨ (Punjabi)

- ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਹਾਨੂੰ ਆਪਣੀ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਮਦਦ ਦੀ ਲੋੜ ਹੈ ਤਾਂ ਕਾਲ ਕਰੋ **1-833-522-3767** (TTY: **711**). ਅਪਾਹਜ ਲੋਕਾਂ ਲਈ ਸਹਾਇਤਾ ਅਤੇ ਸੇਵਾਵਾਂ, ਜਿਵੇਂ ਕਿ ਬ੍ਰੇਲ ਅਤੇ ਮੋਟੀ ਛਪਾਈ ਵਿੱਚ ਦਸਤਾਵੇਜ਼, ਵੀ ਉਪਲਬਧ ਹਨ। ਕਾਲ ਕਰੋ **1-833-522-3767** (TTY: **711**). ਇਹ ਸੇਵਾਵਾਂ ਮੁਫਤ ਹਨ।

हिंदी टैगलाइन (Hindi)

- ध्यान दें: अगर आपको अपनी भाषा में सहायता की आवश्यकता है तो **1-833-522-3767** (TTY: **711**) पर कॉल करें। अशक्तता वाले लोगों के लिए सहायता और सेवाएं, जैसे ब्रेल और बड़े प्रिंट में भी दस्तावेज़ उपलब्ध हैं। **1-833-522-3767** (TTY: **711**) पर कॉल करें। ये सेवाएं नः शुल्क हैं।



Nqe Lus Hmoob Cob (Hmong)

- CEEB TOOM: Yog koj xav tau kev pab txhais koj hom lus hu rau **1-833-522-3767** (TTY: **711**). Muaj cov kev pab txhawb thiab kev pab cuam rau cov neeg xiam oob qhab, xws li puav leej muaj ua cov ntawv su thiab luam tawm ua tus ntawv loj. Hu rau **1-833-522-3767** (TTY: **711**). Cov kev pab cuam no yog pab dawb xwb.

日本語表記 (Japanese)

- 注意日本語での対応が必要な場合は **1-833-522-3767** (TTY: **711**) へお電話ください。点字の資料や文字の拡大表示など、障がいをお持ちの方のためのサービスも用意しています。 **1-833-522-3767** (TTY: **711**) へお電話ください。これらのサービスは無料で提供しています。

한국어 태그라인 (Korean)

- 유의사항: 귀하의 언어로 도움을 받고 싶으시면 **1-833-522-3767** (TTY: **711**) 번으로 문의하십시오. 점자나 큰 활자로 된 문서와 같이 장애가 있는 분들을 위한 도움과 서비스도 이용 가능합니다. **1-833-522-3767** (TTY: **711**) 번으로 문의하십시오. 이러한 서비스는 무료로 제공됩니다.



ເທກໄລພາສາລາວ (Laotian)

- ປະກາດ: ຖ້າທ່ານຕ້ອງການຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອໃນພາສາຂອງທ່ານໃຫ້ໂທຫາເບີ **1-833-522-3767** (TTY: **711**). ຍັງມີຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອແລະການບໍລິການສໍາລັບຄົນພິການ ເຊັ່ນເອກະສານທີ່ເປັນອັກສອນນູນແລະມິໂຕພິມໃຫຍ່ ໃຫ້ໂທຫາເບີ **1-833-522-3767** (TTY: **711**). ການບໍລິການເຫຼົ່ານີ້ບໍ່ຕ້ອງເສຍຄ່າໃຊ້ຈ່າຍໃດໆ.

Mien Tagline (Mien)

- LONGC HNYOUV JANGX LONGX OC: Beiv taux meih qiemx longc mienh tengx faan benx meih nyei waac nor douc waac daaih lorx taux **1-833-522-3767** (TTY: **711**). Liouh lorx jauvlouc tengx aengx caux nzie gong bun taux ninh mbuo wuaaic fangx mienh, beiv taux longc benx nzangc-pokc bun hlou mbiutc aengx caux aamz mborqv benx domh sou se mbenc nzoih bun longc. Douc waac daaih lorx **1-833-522-3767** (TTY: **711**). Naaiv deix nzie weih gong-bou jauv-louc se benx wang-henh tengx mv zuqc cuotv nyaanh oc.

ឃ្លាសម្គាល់ជាភាសាខ្មែរ (Cambodian)

- ចំណាំ: បើអ្នក ត្រូវ ការជំនួយ ជាភាសា របស់អ្នក សូម ទូរស័ព្ទទៅលេខ **1-833-522-3767** (TTY: **711**)។ ជំនួយ និង សេវាកម្ម សម្រាប់ ជនពិការ ដូចជាឯកសារសរសេរជាអក្សរផុស សម្រាប់ជនពិការភ្នែក ឬឯកសារសរសេរជាអក្សរពុម្ពធំ ក៏អាចរកបានផងដែរ។ ទូរស័ព្ទមកលេខ **1-833-522-3767** (TTY: **711**)។ សេវាកម្មទាំងនេះមិនគិតថ្លៃឡើយ។



مطلب به زبان فارسی (Farsi)

- توجه: اگر می‌خواهید به زبان خود کمک دریافت کنید، با تماس بگیرید. کمک‌ها و خدمات مخصوص افراد دارای معلولیت، (TTY: 711) **1-833-522-3767** مانند نسخه‌های خط بریل و چاپ با حروف بزرگ، نیز موجود است. با **1-833-522-3767** تماس بگیرید. این خدمات رایگان ارائه می‌شوند.

Русский слоган (Russian)

- ВНИМАНИЕ! Если вам нужна помощь на вашем родном языке, звоните по номеру **1-833-522-3767** (TTY: 711). Также предоставляются средства и услуги для людей с ограниченными возможностями, например документы крупным шрифтом или шрифтом Брайля. Звоните по номеру **1-833-522-3767** (TTY: 711). Такие услуги предоставляются бесплатно.

Mensaje en español (Spanish)

- ATENCIÓN: si necesita ayuda en su idioma, llame al **1-833-522-3767** (TTY: 711). También ofrecemos asistencia y servicios para personas con discapacidades, como documentos en braille y con letras grandes. Llame al **1-833-522-3767** (TTY: 711). Estos servicios son gratuitos.



Tagalog Tagline (Tagalog)

- **ATENSIYON:** Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, tumawag sa **1-833-522-3767** (TTY: **711**). Mayroon ding mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan, tulad ng mga dokumento sa braille at malaking print. Tumawag sa **1-833-522-3767** (TTY: **711**). Libre ang mga serbisyong ito.

แท็กไลน์ภาษาไทย (Thai)

- โปรดทราบ: หากคุณต้องการความช่วยเหลือเป็นภาษาของคุณ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข **1-833-522-3767** (TTY: **711**) นอกจากนี้ ยังพร้อมให้ความช่วยเหลือและบริการต่าง ๆ สำหรับบุคคลที่มีความพิการ เช่น เอกสารต่าง ๆ ที่เป็นอักษรเบรลล์และเอกสารที่พิมพ์ด้วยตัวอักษรขนาดใหญ่ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข **1-833-522-3767** (TTY: **711**) ไม่มีค่าใช้จ่ายสำหรับบริการเหล่านี้

Примітка українською (Ukrainian)

- **УВАГА!** Якщо вам потрібна допомога вашою рідною мовою, телефонуйте на номер **1-833-522-3767** (TTY: **711**). Люди з обмеженими можливостями також можуть скористатися допоміжними засобами та послугами, наприклад, отримати документи, надруковані шрифтом Брайля та великим шрифтом. Телефонуйте на номер **1-833-522-3767** (TTY: **711**). Ці послуги безкоштовні.



Khẩu hiệu tiếng Việt (Vietnamese)

- **CHÚ Ý:** Nếu quý vị cần trợ giúp bằng ngôn ngữ của mình, vui lòng gọi số **1-833-522-3767** (TTY: **711**). Chúng tôi cũng hỗ trợ và cung cấp các dịch vụ dành cho người khuyết tật, như tài liệu bằng chữ nổi Braille và chữ khổ lớn (chữ hoa). Vui lòng gọi số **1-833-522-3767** (TTY: **711**). Các dịch vụ này đều miễn phí.
- ❖ Makukuha mo ang impormasyong ito nang libre sa ibang mga format, tulad ng malaking titik, braille, o audio. Tumawag sa 1-833-522-3767 (TTY: 711), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Libre ang pagtawag.
- ❖ Available ang dokumentong ito nang libre sa Arabic, Armenian, Cambodian, Chinese, Farsi, Hindi, Hmong, Japanese, Korean, Laotian, Mien, Punjabi, Russian, Spanish, Tagalog, Thai, Ukrainian, at Vietnamese. Available rin ang mga bersyon na ito sa aming website sa [medicare.lacare.org](https://www.medicare.lacare.org).
- ❖ Maaari mong hilingin na palagi kaming magpadala sa iyo ng impormasyon sa wika o format na kailangan mo. Tinatawag itong pangmatagalang kahilingan. Susubaybayan namin ang iyong pangmatagalang kahilingan para hindi mo na kailangang gumawa ng mga hiwalay na kahilingan sa tuwing magpapadala kami sa iyo ng impormasyon. Para makakuha ng dokumentong ito sa isang wika maliban sa Ingles at/o sa alternatibong format, mangyaring kontakin ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa (833) 522-3767, TTY: 711, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kabilang ang mga holiday. Matutulungan ka ng isang kinatawan na gumawa o magbago ng pangmatagalang kahilingan.



B. Mga Madalas Itanong (FAQ)

Nakalista sa sumusunod na talaan ang mga madalas itanong.

Mga Madalas Itanong	Mga Sagot
Ano ang Medi-Medi Plan?	Ang Medi-Medi Plan ay isang planong pangkalusugan na nakikipagkontrata sa parehong Medicare at sa Medi-Cal para maipagkaloob ang mga benepisyo ng parehong programa sa mga nagpapatala. Para ito sa mga 21 taong gulang at mas matanda. Ang Medi-Medi Plan ay isang organisasyon na binubuo ng mga doktor, ospital, botika, provider ng Mga Pangmatagalang Serbisyo at Suporta (LTSS), at iba pang provider. Mayroon din itong mga tagapag-ugnay ng pangangalaga para tulungan ka sa pamamahala ng lahat ng iyong mga provider at serbisyo at suporta. Lahat sila ay magkakasamang nagtatrabaho para ipagkaloob ang pangangalagang kailangan mo.
Makukuha ko ba ang parehong mga benepisyo ng Medicare at Medi-Cal sa L.A. Care Medicare Plus na nakukuha ko ngayon?	Makukuha mo nang direkta ang karamihan ng iyong saklaw na mga benepisyo ng Medicare at Medi-Cal mula sa L.A. Care Medicare Plus. Makikipagtulungan ka sa team ng mga provider na tutulong para matukoy kung anu-anong serbisyo ang pinakanaaangkop sa iyong mga pangangailangan. Ibig sabihin nito na maaaring magbago ang ilan sa mga serbisyong nakukuha mo ngayon batay sa iyong mga pangangailangan, at sa pagtatasa ng iyong doktor at team sa pangangalaga. Maaari mo ring makuha ang iba pang benepisyo na wala sa iyong planong pangkalusugan sa parehong paraan na natatanggap mo ngayon, nang direkta mula sa isang Estado o ahensya ng county katulad ng Mga Serbisyo ng Suporta sa Bahay (In-Home Supportive Services, IHSS), espesyalidad na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip at mga serbisyo sa paggamit ng droga o alak, o mga serbisyo ng regional center. Kapag nagpatala ka sa L.A. Care Medicare Plus, magtutulungan kayo ng iyong team sa pangangalaga para bumuo ng isang Pang-indibidwal na Plano ng Pangangalaga para matugunan ang iyong mga pangangailangan sa kalusugan at suporta, na sinasalamang ang iyong personal na mga kagustuhan at layunin. Kung umiinom ka ng anumang gamot ng Part D ng Medicare na karaniwang hindi sinasaklaw ng L.A. Care Medicare Plus, maaari kang kumuha ng pansamantalang supply at tutulungan ka namin sa paglipat sa ibang gamot o kumuha ng isang pagbubukod para sa L.A. Care Medicare Plus para isaklaw ang gamot mo kung medikal na kinakailangan. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Mga Serbisyo Para sa Miyembro o sa numerong nakalista sa ibabang bahagi ng pahinang ito.



Kung mayroon kang mga tanong, tumawag sa L.A. Care Medicare Plus sa 1-833-522-3767 (TTY: 711), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Libre ang pagtawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa [medicare.lacare.org](https://www.medicare.lacare.org).

Mga Madalas Itanong	Mga Sagot
Magagamit ko ba ang parehong mga doktor na mayroon ako ngayon?	Kadalasang ganito ang sitwasyon. Kung nagtatrabaho ang iyong mga provider (kabilang ang mga doktor, ospital, therapist, botika, at iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan) sa L.A. Care Medicare Plus at may kontrara sa amin, puwede ka pa ring magpatingin sa kanila. • “Nasa network” ang mga provider na may kasunduan sa amin. Nakikilahok ang mga nasa network na provider sa aming plano. Ibig sabihin nito na tinatanggap nila ang mga miyembro ng aming plano at nagbibigay ng mga serbisyo na sinasaklaw ng aming plano. Dapat mong gamitin ang mga provider na nasa network ng L.A. Care Medicare Plus. Kapag ginamit mo ang mga provider o botika na wala sa network namin, maaaring hindi bayaran ng plano ang mga serbisyo o gamot. • Kung kailangan mo ng agaran o pang-emergency na pangangalaga o mga serbisyo sa dialysis na wala sa lugar ng serbisyo, maaari mong gamitin ang mga provider na wala sa plano ng L.A. Care Medicare Plus. • Kung kasalukuyan kang sumasailalim sa paggamot sa isang provider na wala sa network ng L.A. Care Medicare Plus, o may matatag nang relasyon sa isang provider na wala sa network ng L.A. Care Medicare Plus, tumawag sa Mga Serbisyo Para sa Miyembro para malaman ang tungkol sa pananatiling konektado at tanungin ang tungkol sa pagpapatuloy ng pangangalaga. Para maging kwalipikado sa Pagpapatuloy ng Pangangalaga (COC): ◦ Dapat ay nakapagpatingin ka na kahit isang beses sa Doktor ng Pangunahing Pangangalaga (PCP) at/o Espesyalista sa loob ng nagdaang 12 buwan at mayroong paparating na appointment sa PCP o Espesyalista sa loob ng susunod na 12 buwan. ◦ Dapat na pumapayag ang iyong provider na tanggapin ang mga bayad at kontrata ng L.A. Care Health Plan kasama ang nararapat na Grupong Medikal/IPA. ◦ Dapat ay walang anumang nakadokumentong problema sa kalidad ng pangangalaga ang provider na maaaring magdulot ng pag-aalis ng L.A. Care o PPG sa provider mula sa network nito. Dapat na makumpleto ang bawat pagpapatuloy ng pangangalaga sa loob ng: ◦ Tatlung (3) araw sa kalendaryo mula sa petsa kung kailan natanggap ng L.A. Care o PPG ang kahilingan; ◦ Labinlimang (15) araw sa kalendaryo kung nangangailangan ng agarang atensyon ang medikal na kondisyon ng miyembro, katulad ng papalapit na mga appointment o iba pang pangangailangan sa pangangalaga; o ◦ Tatlong (3) araw ng negosyo kung may panganib ng pinsala sa miyembro Para malaman kung nasa network ng plano ang iyong doktor, tawagan ang Mga Serbisyo Para sa Miyembro sa numerong nakalista sa ibabang bahagi ng pahinang ito o basahin ang <i>Direktoryo ng Provider at Botika</i> ng L.A. Care Medicare Plus sa website ng plano na medicare.lacare.org. Kung bago para sa iyo ang L.A. Care Medicare Plus, makikipagtulungan kami sa iyo para bumuo ng Pang-indibidwal na Plano ng Pangangalaga para matugunan ang iyong mga pangangailangan.



Mga Madalas Itanong	Mga Sagot
Ano ang isang Tagapamahala ng Pangangalaga ng L.A. Care Medicare Plus Care?	Ang isang Tagapamahala ng Pangangalaga ng L.A. Care Medicare Plus Care ay isang pangunahing tao na maaari mong maka-ugnayan. Tumutulong ang tao na ito para pamahalaan ang lahat ng iyong mga provider at serbisyo at siguraduhin na makuha mo ang kailangan mo.
Ano ang tungkol sa Mga Pangmatalagang Serbisyo at Suporta (Long-term Services and Supports, LTSS)?	Tumutulong ang Mga Pangmatagalang Serbisyo at Suporta (LTSS) sa mga taong nangangailangan ng tulong sa paggawa ng pang-araw-araw na gawain katulad ng paliligo, pagtulong sa paggamit ng palikuran, pagbibihis, pagluluto, at pag-inom ng gamot. Ibinibigay ang karamihan ng mga serbisyong ito sa iyong tahanan o sa iyong komunidad pero maaari ding ibigay ang mga ito sa isang nursing home o ospital. Sa ilang pagkakataon, maaaring ibigay ng isang county o ng ibang ahensya ang mga serbisyong ito, at makikipagtulungan ang iyong tagapagsaayos ng pangangalaga o team ng pangangalaga sa ahensyang iyon.
Ano ang tungkol sa Programa ng Mga Serbisyo sa Nakatatanda na Maraming Layunin (Multipurpose Senior Services Program, MSSP)?	Nagbibigay ang MSSP ng patuloy na koordinasyon ng pangangalaga sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan na higit sa ibinibigay na ng iyong planong pangkalusugan at maaaring ikonekta ka sa ibang kinakailangang mga serbisyo sa komunidad at mga sanggunian. Tinutulungan ka ng programang ito na makakuha ng mga serbisyong makatutulong sa iyo na mamuhay sa iyong tahanan nang hindi umaasa sa iba.
Anong mangyayari kung kailangan ko ng isang serbisyo pero wala sa mga nasa network ng L.A. Care Medicare Plus ang makapagbigay nito?	Ang karamihan sa mga serbisyo ay ipagkakaloob ng aming mga nasa network na provider. Kung kailangan mo ng isang serbisyo na hindi maibibigay sa loob ng aming network, babayaran ng L.A. Care Medicare Plus ang anumang gastusin para sa isang wala sa network na provider.
Saan available ang L.A. Care Medicare Plus?	Kasama sa pinaglilingkurang lugar para sa plano na ito ang: Los Angeles County, California. Dapat kang nakatira sa lugar na ito para makasali sa plano.
Ano ang paunang pahintulot?	Ang paunang pahintulot. ay isang pag-apruba mula sa L.A. Care Medicare Plus na maghanap ng mga serbisyo sa labas ng aming network o kumuha ng serbisyo na madalas hindi na sinasaklaw ng aming network bago mo makuha ang mga serbisyo. Maaaring hindi saklawin ng L.A. Care Medicare Plus ang mga serbisyo, pamamaraan, bagay, o gamot kung hindi ka kumuha ng paunang pahintulot. Kung kailangan mo ng agaran o pang-emergency na pangangalaga o mga serbisyo sa dialysis na nasa labas ng pinaglilingkurang lugar, hindi mo kailangang kumuha muna ng paunang pahintulot. Maaaring ibigay ng L.A. Care Medicare Plus sa iyo o sa iyong provider ng serbisyo ang listahan ng mga serbisyo o pamamaraan na kinakailangan ng paunang pahintulot mula sa L.A. Care Medicare Plus bago maibigay ang serbisyo. Kung mayroon kang mga tanong kung kinakailangan ang paunang pahintulot para sa mga tiyak na serbisyo, pamamaraan, bagay, o gamot, tumawag sa Mga Serbisyo Para sa Miyembro o sa numerong nakalista sa ibabang bahagi ng pahinang ito para sa tulong.



Kung mayroon kang mga tanong, tumawag sa L.A. Care Medicare Plus sa 1-833-522-3767 (TTY: 711), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Libre ang pagtawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa [medicare.lacare.org](https://www.medicare.lacare.org).

Mga Madalas Itanong	Mga Sagot
Ano ang referral?	Nangangahulugan ang isang referral na ang iyong pangunahing provider ng pangangalaga (PCP) ay dapat na magbigay ng pag-apruba sa iyo para pumunta sa iba na hindi mo PCP. Iba ang isang referaal sa isang paunang pahintulot. Kapag hindi ka kumuha ng isang referral mula sa iyong PCP, hindi sasaklawin ng L.A. Care Medicare Plus ang mga serbisyo. Maaaring magbigay ang L.A. Care Medicare Plus ng isang listahan ng mga serbisyo na nangangailangan ng iyong pagkuha ng referral mula sa iyong PCP bago maibigay ang serbisyo. Sumangguni sa <i>Handbook ng Miyembro</i> para matuto nang higit pa tungkol sa kung kailan mo kailangang kumuha ng referral mula sa iyong PCP.
Nagbabayad ba ako ng buwanang halaga (tinatawag ding premium) sa ilalim ng L.A. Care Medicare Plus?	Hindi. Dahil mayroon kang Medi-Cal, hindi ka magbabayad ng anumang buwanang premium, kabilang ang iyong premium ng Part B ng Medicare, para sa iyong saklaw na pangkalusugan.
Nagbabayad ba ako ng deductibe bilang isang miyembro ng L.A. Care Medicare Plus?	Hindi. Hindi ka nagbabayad ng mga deductible sa L.A. Care Medicare Plus.
Ano ang maximum na halaga mula sa sariling bulsa ang babayaran ko para sa mga serbisyong medikal bilang isang miyembro ng L.A. Care Medicare Plus?	Walang paghahati ng gastos para sa mga serbisyong medikal sa L.A. Care Medicare Plus, kaya ang iyong taunang mga gastusing mula sa sariling bulsa ay \$0.
Anong mangyayari kapag hindi na ako kwalipikado sa Medi-Cal?	Kung nasa loob ka ng 3-buwang panahon ng itinuturing na patuloy na pagiging kwalipikado, patuloy naming ibibigay ang lahat ng benepisyo ng Medicare na saklaw sa plano ng Medicare Advantage. Gayunpaman, sa loob ng panahong ito, hindi na namin ipagpapatuloy ang pagsaklaw sa mga benepisyo ng Medicaid na kasama sa ilalim ng naaangkop na Plano ng Medicaid ng Estado, o magbabayad sa mga premium ng Medicare o paghahati sa gastos kung saan mananagot ang estado kung hindi mo naiwala ang iyong pagiging kwalipikado sa Medicaid. Maaaring magbago ang iyong gastos para sa mga serbisyo, mangyaring sumangguni sa Handbook ng Miyembro para sa karagdagang impormasyon.



C. Listahan ng mga saklaw na serbisyo

Isang mabilisang pangkalahatang ideya ang sumusunod na talaan ng mga serbisyong maaaring kailanganin mo, ang iyong mga gastusin, at mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo.

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin mo	Iyong mga gastusin para sa mga provider na nasa network	Mga limitasyon, pagbubukod, at impormasyon tungkol sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo)
Kailangan mo ng pangangalaga sa ospital	Pananatili sa ospital	\$0	Ang mga serbisyo ng ospital ay sinasaklaw kapag ipinasiyang medikal na kinakailangan ng iyong gumagamot na doktor at L.A. Care Medicare Plus. Walang limitasyon sa bilang ng sinasaklaw na medikal na kinakailangang araw sa bawat pananatili sa ospital. Maliban sa isang emergency, dapat sabihin ng iyong doktor sa plano na maoospital ka. Kailangan mong pumunta sa mga doktor, espesyalista, at ospital na nasa network. Ang paunang pahintulot ay maaaring kailanganin para sa mga pamamaraan na hindi pang-emergency ng mga ospital na nasa network.
	Pangangalaga ng doktor o surgeon	\$0	Ang pangangalaga ng doktor at surgeon ay ipinagkakaloob bilang bahagi ng iyong pananatili sa ospital. Maaaring malapat ang mga tuntunin sa paunang pahintulot at kinakailangan sa referral.
	Mga serbisyo ng ospital para sa mga outpatient, kabilang ang pagsubaybay	\$0	
	Mga serbisyo ng ambulatory na surgical center (ASC)	\$0	Maaaring malapat ang mga tuntunin sa paunang pahintulot at kinakailangan sa referral.



Kung mayroon kang mga tanong, tumawag sa L.A. Care Medicare Plus sa 1-833-522-3767 (TTY: 711), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Libre ang pagtawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa [medicare.lacare.org](https://www.medicare.lacare.org).

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin mo	Iyong mga gastusin para sa mga provider na nasa network	Mga limitasyon, pagbubukod, at impormasyon tungkol sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo)
Gusto mo ng doktor	Mga pagpapatingin para gamutin ang isang pinsala o karamdaman	\$0	Kailangan mong pumunta sa mga doktor, espesyalista, at ospital na nasa network. Kung kailangan mo ng agaran o pang-emergency na pangangalaga o mga serbisyo sa dialysis na nasa labas ng pinaglilingkurang lugar, hindi mo kailangang kumuha muna ng pag-apruba.
	Pangangalaga ng espesyalista	\$0	Kailangan mong pumunta sa mga doktor, espesyalista, at ospital na nasa network. Kinakailangan ang paunang pahintulot at referral para sa mga ospital at espesyalista na nasa network.
	Mga pagpapatingin para sa pagpapanatili ng kalusugan, tulad ng pisikal	\$0	Taunang Pagpapatingin para sa Pagpapanatili ng Kalusugan kada 12 buwan.
	Pangangalaga para maiwasan ang iyong pagkakasakit, tulad ng bakuna laban sa trangkaso at mga pagpapatingin para sa kanser	\$0	Maaaring malapat ang mga kinakailangan ng tuntunin ng paunang pahintulot.
	Acupuncture (Sinasaklaw ng Medicare)	\$0	Limitado sa dalawang pagpapa-acupuncture kada buwan. Maaaring payagan ang mas marami pang pagpapa-acupuncture nang may paunang pahintulot kung medikal na kinakailangan. Para sa mga pagpapatingin para sa acupuncture na saklaw ng Medicare: Hanggang 12 pagpapatingin para sa acupuncture sa loob ng 90 araw kung mayroon kang pangmatagalang pananakit sa ibabang bahagi ng likod. Karagdagang 8 sesyon ng acupuncture para sa hindi gumagaling na pananakit ng ibabang bahagi ng likod kung nakitang bumubuti ang lagay mo. Hindi ka maaaring makakuha ng mahigit 20 acupuncture na paggamot para sa hindi gumagaling na pananakit ng ibabang bahagi ng likod bawat taon. Dapat ihinto ang mga paggamot na acupuncture para sa hindi gumagaling na pananakit sa ibabang bahagi ng likod kung hindi bumubuti ang iyong kalagayan o lumalala ito. Maaaring malapat ang mga tuntunin sa paunang pahintulot at kinakailangan sa referral.
	"Welcome to Medicare" na (pagbisita para sa pag-iwas sa sakit isang beses lang)	\$0	Sa unang 12 buwan ng inyong sa Part B na saklaw, makakakuha ka ng alinman sa Welcome to Medicare na Pagbisita para sa Pag-iwas sa Sakit o isang Taunang Pagbisita para sa Pagpapanatili ng Kalusugan. Pagkaraan ng iyong unang 12 buwan, makakakuha ka ng isang Taunang Pagpapatingin para sa Pagpapanatili ng Kalusugan kada 12 buwan.



Kung mayroon kang mga tanong, tumawag sa L.A. Care Medicare Plus sa 1-833-522-3767 (TTY: 711), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Libre ang pagtawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa [medicare.lacare.org](https://www.medicare.lacare.org).

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin mo	Iyong mga gastusin para sa mga provider na nasa network	Mga limitasyon, pagbubukod, at impormasyon tungkol sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo)
Kailangan mo ng pang-emergency na pangangalaga	Mga serbisyo sa emergency room	\$0	Maaari kang kumuha ng saklaw na pang-emergency na pangangalagang medikal tuwing kailangan mo ito, kahit saan sa United States o sa mga teritoryo nito, nang walang paunang pahintulot o referral. Ang mga pang-emergency at agarang kinakailangang serbisyo ng pangangalaga na natanggap sa labas ng United States at sa mga teritoryo nito ay saklaw hanggang \$10,000 na pinagsama-sama kada taon ng kalendaryo.
	Agarang pangangalaga	\$0	Maaari kang kumuha ng saklaw na agarang pangangalaga tuwing kailangan mo ito, kahit saan sa United States o sa mga teritoryo nito nang walang paunang pahintulot o referral. Pumili ng sentro ng agarang pangangalaga na nakikipagtulungan sa iyong grupong medikal. Makikita mo ang iyong grupong medikal sa iyong ID card ng miyembro. Ang mga pang-emergency at agarang kinakailangang serbisyo ng pangangalaga na natanggap sa labas ng United States ay saklaw hanggang sa limitasyong \$10,000 kapag pinagsama-sama bawat taon sa kalendaryo.
Kailangan mo ng mga medikal na pagsusuri	Mga serbisyo ng diyagnostikong radiology (halimbawa, mga X-ray o iba pang serbisyo ng imaging, katulad ng mga CAT scan o MRI)	\$0	Maaaring malapat ang mga tuntunin sa paunang pahintulot at kinakailangan sa referral.
	Mga pagsusuri sa laboratoryo at mga pamamaraan ng diagnostiko, tulad ng mga pagsusuri sa dugo	\$0	Maaaring malapat ang mga tuntunin sa paunang pahintulot at kinakailangan sa referral. Walang kinakailangang paunang pahintulot o referral para sa mga kaugnay na serbisyo ng pagsusuri para sa COVID-19.
Kailangan mo ng mga serbisyo sa pandinig/pakikinig	Mga pagsusuri sa pandinig	\$0	Maaaring ilapat ang mga kinakailangan sa referral.
	Mga hearing aid	\$0	



Kung mayroon kang mga tanong, tumawag sa L.A. Care Medicare Plus sa 1-833-522-3767 (TTY: 711), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Libre ang pagtawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa medicare.lacare.org.

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin mo	Iyong mga gastusin para sa mga provider na nasa network	Mga limitasyon, pagbubukod, at impormasyon tungkol sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo)
Kailangan mo ng pangangalaga sa ngipin (ipinagpatuloy sa susunod na pahina)	Mga pagpapatingin sa ngipin at pangangalagang pang-iwas	\$0	Sinasaklaw ng aming plano ang mga serbisyo para sa ngipin at mga pamamaraan kabilang ang: • Pagsusuri sa Bibig – 1 bawat taon • Pagpapalinis – 1 bawat taon • Fluoride na Paggamot – 1 topical na paglalagay • Mga X-Ray – 1 bawat taon Nakikipagtulungan ang aming plano sa Liberty Dental para maibigay ang iyong mga benepisyo sa ngipin. Maaaring may nalalapat na mga benepisyo sa pagbubukod at limitasyon. Maaaring may mga pagbubukod kung medikal na kinakailangan. Para makahanap ng isang nasa network na dentista maaari mong Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-855-552-8243 o maghanap sa online na direktoryo ng provider ng ngipin at medicare.lacare.org. Inirerekomenda na makipagtulungan ka sa iyong nasa network na dentista para suriin ang saklaw ng benepisyo bago kumuha ng mga serbisyo sa ngipin. Kung pipiliin mong gumamit ng dentista sa labas ng network, ang mga serbisyong natatanggap mo ay hindi sasaklawin ng aming plano. Ang mga karagdagang serbisyo sa ngipin, tulad ng mga pag-check-up at pang-iwas na pangangalaga ay available sa pamamagitan ng Medi-Cal Dental Program. Para sa karagdagang impormasyon, maaari mong bisitahin ang website na dental.dhcs.ca.gov/. Mula Hulyo 1, 2026, hindi na magiging available ang mga benepisyo sa ngipin sa mga miyembrong hindi nakakatugon sa mga kasiya-siyang kinakailangan sa katayuan sa imigrasyon.



Kung mayroon kang mga tanong, tumawag sa L.A. Care Medicare Plus sa 1-833-522-3767 (TTY: 711), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Libre ang pagtawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa [medicare.lacare.org](https://www.medicare.lacare.org).

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin mo	Iyong mga gastusin para sa mga provider na nasa network	Mga limitasyon, pagbubukod, at impormasyon tungkol sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo)
Kailangan mo ng pangangalaga sa ngipin (ipinagpatuloy mula sa nakaraang pahina)	Pagpapanumbalik at pang-emergency na pangangalaga sa ngipin	\$0	Sinasaklaw ng aming plano ang mga serbisyo ng pangangalaga sa ngipin at mga pamamaraan: • Pagpapanumbalik • Endodontics – 1 beses kada ngipin sa buong buhay. • Periodontics • Prosthodontics (Hindi Natatanggal at Natatanggal) • Pag-opera sa Bibig/Pag-operang Maxillofacial • Mga Karagdagang Pangkalahatang Serbisyo Nakikipagtulungan ang aming plano sa Liberty Dental para maibigay ang iyong mga benepisyo sa ngipin. Maaaring may nalalapat na mga benepisyo sa pagbubukod at limitasyon. Maaaring may mga pagbubukod kung medikal na kinakailangan. Para makahanap ng isang nasa network na dentista maaari mong Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-855-552-8243 o maghanap sa online na direktoryo ng provider ng ngipin at medicare.lacare.org. Inirerekomenda na makipagtulungan ka sa iyong nasa network na dentista para suriin ang saklaw ng benepisyo bago kumuha ng mga serbisyo sa ngipin. Kung pipiliin mong gumamit ng dentista sa labas ng network, ang mga serbisyong natatanggap mo ay hindi sasaklawin ng aming plano. Maaaring malapat ang mga tuntunin ng paunang pahintulot na nakalista sa Handbook ng Miyembro at mga kinakailangan sa referral. Ang mga karagdagang serbisyo sa ngipin ay available sa pamamagitan ng Medi-Cal Dental Program. Para sa karagdagang impormasyon, maaari mong bisitahin ang website na dental.dhcs.ca.gov/. Mula Hulyo 1, 2026, hindi na magiging available ang mga benepisyo sa ngipin sa mga miyembrong hindi nakakatugon sa mga kasiya-siyang kinakailangan sa katayuan sa imigrasyon.



Kung mayroon kang mga tanong, tumawag sa L.A. Care Medicare Plus sa 1-833-522-3767 (TTY: 711), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Libre ang pagtawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa [medicare.lacare.org](https://www.medicare.lacare.org).

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin mo	Iyong mga gastusin para sa mga provider na nasa network	Mga limitasyon, pagbubukod, at impormasyon tungkol sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo)
Kailangan mo ng pangangalaga sa mata	Mga pagsusuri sa mata	\$0	Medikal na kinakailangang pagsusuri sa paningin para sa pag-diagnose at paggamot ng mga sakit at mga kundisyon ng mata, kabilang ang isang taunang pagsusuri para sa glaucoma para sa mga taong nasa panganib na magkaroon nito. Maaaring ilapat ang mga kinakailangan sa referral. Hanggang 1 pandagdag na regular na pagsusuri sa mata bawat taon
	Mga salamin o contact lens	\$0	Kasama sa iyong mga regular na benepisyo sa paningin ang: - Isang regular na pagsusuri sa mata bawat taon sa kalendaryo - Hanggang \$500 para sa isang pares ng salamin sa mata (mga frame lang) o sa mga contact lens tuwing dalawang taon sa kalendaryo - Sinasaklaw ang mga Pangunahing Inireresetang lens tulad ng glass o plastik, single vision, lined bifocal, lined trifocal, o lenticular lens bawat dalawang taon sa kalendaryo. Hindi saklaw ang mga pag-upgrade at pagpapahusay tulad ng progressive lens, mga scratch resistance coating, iba pang coating at pagdagdag. Tandaan: Hindi nabibilang sa \$500 na allowance ang mga Pangunahing Inireresetang lens. Para malaman ang higit pa tungkol sa pangangalaga sa paningin sa sinasaklaw sa pamamagitan ng L.A. Care Medicare Plus, mangyaring tumawag sa 1-855-492-9028 (TTY 711) mula 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., 7 araw sa isang linggo o bisitahin ang kanilang direktoryo ng provider sa aming website sa: www.vsp.com/advantageonly Maaaring nalalapat para sa regular na pagsusuri sa mata ang mga Paunang Pahintulot.
	Ibang pangangalaga ng paningin	\$0	



Kung mayroon kang mga tanong, tumawag sa L.A. Care Medicare Plus sa 1-833-522-3767 (TTY: 711), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Libre ang pagtawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa medicare.lacare.org.

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin mo	Iyong mga gastusin para sa mga provider na nasa network	Mga limitasyon, pagbubukod, at impormasyon tungkol sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo)
Kailangan mo ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip (ipinagpatuloy sa susunod na pahina)	Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip	\$0	Kasama sa saklaw ang: • Indibidwal na therapy • Panggrupong therapy • Therapy ng Pamilya • Pagkonsulta ukol sa sakit sa isip • Psychological at neuropsychological na pagsusuri kapag ipinababatid ng klinika na tasahin ang isang kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip Available sa iyo sa pamamagitan ng Departamento ng Kalusugan ng Pag-iisip ng Los Angeles County ang mga karagdagang espesyal na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip. Kasama sa saklaw ang: • Pamamagitan sa krisis • Mga serbisyo ng matinding paggamot sa araw • Naka-target na pamamahala ng kaso Para ma-access ang mga serbisyong ito, puwede mong tawagan ang L.A. County Help Line sa 1-800-854-7771. May taong available para tumulong sa iyo nang 24/7. Maaaring malapat ang mga tuntunin ng paunang pahintulot. Gayunpaman, walang paunang pahintulot ang kinakailangan para sa isang paunang pagtatasa sa kalusugan ng pag-iisip.



Kung mayroon kang mga tanong, tumawag sa L.A. Care Medicare Plus sa 1-833-522-3767 (TTY: 711), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Libre ang pagtawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa medicare.lacare.org.

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin mo	Iyong mga gastusin para sa mga provider na nasa network	Mga limitasyon, pagbubukod, at impormasyon tungkol sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo)
Kailangan mo ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip (ipinagpapatuloy mula sa nakaraang pahina)	Pangangalaga para sa inpatient at outpatient at mga serbisyong nakabatay sa komunidad para sa mga taong nangangailangan ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip	\$0	Tatanggap ka nang hanggang 190 araw ng inpatient na psychiatric na pangangalaga sa ospital habambuhay. Ang mga inpatient na serbisyo ng ospital sa psychiatric ay ibinibilang lamang sa 190-araw na limitasyon habang nabubuhay ang pasyente kung ang mga partikular na kundisyon ay natutugunan. Ang limitasyong ito ay hindi nalalapat sa mga inpatient na psychiatric serbisyong ipinagkakaloob sa isang pangkalahatang ospital. Sinasaklaw ng plan ang 90 araw para sa inpatient na pananatili sa ospital. Sinasaklaw ng plan ang 60 karagdagang araw. \$0 co-pay bawat karagdagang araw. Maliban sa isang emergency, dapat sabihin ng iyong doktor sa plano na maoospital ka. Kapag naubos na ang mga benepisyong ito, maghahanap ng mga serbisyo para sa inpatient sa pamamagitan ng Espesyal na Provider sa Kalusugan ng Pag-iisip ng County sa pamamagitan ng iyong coverage sa Medi-Cal. Maaaring malapat ang mga tuntunin ng Paunang Pahintulot.



Kung mayroon kang mga tanong, tumawag sa L.A. Care Medicare Plus sa 1-833-522-3767 (TTY: 711), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Libre ang pagtawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa [medicare.lacare.org](https://www.medicare.lacare.org).

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin mo	Iyong mga gastusin para sa mga provider na nasa network	Mga limitasyon, pagbubukod, at impormasyon tungkol sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo)
Kailangan mo ng mga serbisyo sa sakit sa paggamit ng droga at alak	Mga serbisyo sa sakit sa paggamit ng droga at alak	\$0	Kasama sa Paggamit ng Droga at Alak*: • Paggamot para sa Outpatient • Masidhing Paggamot para sa Outpatient • Pagsasaayos ng Kaso • Paggamot na Tinutulungan ng Gamot (Medication Assisted Treatment, MAT) • Pamamahala sa Pagtigil ng Paggamit (kilala rin bilang Detox) • Pabahay para sa Paggaling sa Pag-abuso ng Droga o Alak • Mga Serbisyo ng Suporta sa Pag-recover • Residensyal na Paggamot Maaaring naaangkop ang paunang pahintulot para sa ilang serbisyo. *Ang ilang mga serbisyo na mula sa Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng Los Angeles County (Los Angeles County Department of Public Health), Substance Abuse Prevention and Control. Para ma-access ang mga serbisyong ito, puwede mong tawagan ang L.A. County Help Line sa 1-800-854-7771. May taong available para tumulong sa iyo nang 24/7.
Kailangan ninyo ng isang lugar para manirahan kasama ng mga taong makakatulong sa inyo	Sanay na pag-aalaga	\$0	Pasilidad ng Sanay na Pag-aalaga (Skilled Nursing Facility, SNF) Maaaring ilapat ang pag-uugnay ng inyong doktor, mga tuntunin sa paunang pahintulot, at mga kinakailangan sa referral. Walang limitasyon sa bilang ng mga araw na sinasaklaw ng plano para sa bawat pananatili sa SNF. Pangangalagang Pangkalusugan sa Bahay. Kabilang ang mga medikal na kinakailangang panandalian at patigil-tigil na serbisyo ng sanay na pag-aalaga at rehabilitasyon. Maaaring malapat ang mga tuntunin sa paunang pahintulot at kinakailangan sa referral.
